
TokyoWorshipTabernacle 東京賛美の宮

TWT Prayer Guide

# Pananalangin sa Pamamagitan ng Tabernakulo




***Ang mga sumusunod ay nagtuturo ng tamang paraan ng pananalangin, sa paglapit sa presensya ng Diyos. Ipanalangin ang mga ito ng malakas.***

- Sa Lumang Tipan, ang Tabernakulo ay isang santuwaryo kung saan nanahan ang presensya ng Diyos sa kalagitnaan ng mga Israelita. (Exodo 25:8)
- Ito ay sumasalarawan sa pagkakatawang tao ni Hesus, at ng Kaniyang pagtahan sa atin. (Juan 1:14)


***Bilang mga anak ng Diyos, tayo ay inari sa Kanyang pagkasaserdote (1 Pedro 2:9) upang maglingkod at sumamba sa Kanya.***
***Mayroong proseso sa paglapit sa kabanalan at kaluwalhatian ng Diyos, upang sa gayon Siya ay malugod at Kanyang tugunin ang ating mga panalangin.***

***(Juan 4:23 TLAB)*** *“Datapuwa't dumarating ang oras, at ngayon nga, na sasambahin ng mga tunay na mananamba ang Ama sa espiritu at katotohanan: sapagka't hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba sa kaniya.”*

# GABAY SA PANANALANGIN

**Ama namin sa langit**, ako'y dumudulog Sa'yo. Dalangin ko na ako'y Iyong basbasan. Pahiran mo ako ng Iyong langis, Panginoon! Dahil sa pamamagitan lamang ng Iyong lalong pagbasbas ako makalalakad ng tama, makapaglilingkod ng ayon sa naisin Mo, at sa gayong paraan din lamang matutupad ang Iyong plano at layunin sa aking buhay.

Iyong inutusan si Moses na itayo ang Tabernakulo sa ilang. Dito Ka nanahan at nakipag tipan sa iyong bayan araw-araw. Tanging dito ka lamang sinamba ng mga Israelita.



Ipinapakita ng Tabernakulo ang Iyong plano ng pagliligtas sa pamamagitan ng Iyong anak na si Cristo Hesus, at ang tamang paraan ng pagsamba. Ipinapakita rin nito ang tamang paraan ng paglapit Sa'yo, banal na Diyos. Nais kong magkaroon ng malalim na relasyon Sa'yo.

Salamat po sa modelo ng Tabernakulo sa pamamagitan ni Moses, at sa ngayon, sa pamamagitan ni Cristo Hesus. Salamat sa Looban (Court), kung saan naroon ang Altar na Pinaghahainan (Brazen Altar) at ang Tansong Hugasan (Laver of Water). Salamat sa Dakong Banal (Holy Place) kung saan naroon ang Kandelero (Candlestick), pati narin ang Mesa ng Tinapay na Pantanghal (Table of Showbread) at ang Ginintuang Altar ng Insenso (Altar of Incense).



Salamat sa Kabanal-banalan (Holy of Holies)- kung saan naroon ang Kaban ng Tipan (Ark of the Covenant) at ang Iyong Luklukan ng Awa (Mercy Seat), sumasagisag ng Iyong presensya sa kalagitnaan ng Iyong bayan.

Sa araw na ito, ayon sa Iyong salita, ako'y saserdote sa Iyong templo. Nasusulat sa bibliya na ako'y bahagi ng Iyong pagkasaserdote (1 Pedro 2:9) at ang aking katawan ay templo ng buhay na Diyos (2 Mga Taga-Corinto 6:16) at ng banal na Espiritu (2 Mga Taga-Corinto 6:19). Ang aking espiritu kung saan ang Iyong banal na Espiritu nananahan, ay tulad ng Kabanal-banalan. Ang aking isip ay tulad ng Dakong Banal. Ang aking katawan ay tulad ng Looban. Sinasamba kita Panginoon, sa aking isip, katawan, at espiritu. Ako'y saserdote Sa'yo at Ikaw ang pangulong saserdote sa langit. Banal na Diyos, turuan at gabayan Mo ako sa pag ganap ng aking mga tungkulin ayon sa Iyong itinalagang paraan ng paglapit Sa'yo.



## Step 1:
## ANG PINTUAN

Sa aking isipan, ako'y pumapasok sa nagiisang pintuan (Juan 10:9; Juan 14:6) na may pasasalamat, at sa looban na may pagpupuri (Mga Awit 100:4). Dito, ako'y nagpapasalamat sa lahat ng Iyong biyaya at nagpupuri sa Iyong mga makapangyarihang gawa.

- **Pasalamatan ang Diyos sa Kaniyang pagka-Diyos**

    Ama naming nasa langit, sambahin ang Pangalan Mo
    Ikaw Jehovah, ang Kataastasang Diyos, walang gaya Mo
    Ikaw ang makapangyarihang Diyos, Walang hanggang Ama
    Ikaw ang Diyos na hindi nagbabago, Ang Alpha at ang Omega
    Ikaw ang Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob;
    Ikaw... (atbp.)

- **Pasalamatan ang Diyos sa araw na ito na Kanyang ginawa**

    Salamat sa buhay at sa pag gising sa akin sa araw na ito
    Salamat sa kapayapaan, sa proteksyon mula sa anomang kalamidad o sakuna at panganib na gawa ng kaaway
    Salamat sa aking pamilya- sa aking asawa, anak, apo, mga mahal sa buhay
    Salamat sa aking kalusugan, sa probisyon, proteksyon, at sa pangunguna sa akin sa aking daraanan
    Salamat sa Iyong mga biyaya sa mga nagdaang araw


Ama, itinataas ko ang Iyong Pangalan, Ikaw ang Hari ng mga hari, Panginoon ng mga panginoon. Ikaw ang Alpha at ang Omega, ang una at huli. Ikaw ang aking Kaligtasan, aking Manggagamot, aking Tagapagligtas. Pinalaya Mo kami sa aming mga kasalanan.

Pinupuri at pinasasalamatan kita sa lahat ng Iyong mga biyaya sa aking pamilya at sa mga kapatid sa iglesia. Salamat sa pagbigay ng aming hininga, sa pagkain, sa tubig, sa aming trabaho, pinagkakakitaan, at sa mga materiyal na pagpapala. Salamat sa karunungan at sa paghayag sa amin na si Cristo Hesus ang tagapagligtas, gayon pa man ay lingid pa sa kaalaman ng marami. Salamat po sa lahat ng bagay.



Salamat sa regalo ng Banal na Espiritu. Salamat sa pagpili sa akin na maging bahagi ng Iyong kaharian. Salamat sa pagpapagaling, sa mga pangitain at mga milagro, salamat sa Iyong pagmamahal at sa kapayapaan. Salamat sa mga bunga ng Banal na Espiritu sa aking puso. Pupurihin kita magpakailanman! Salamat sa pagbago ng aking buhay. Binigyan Mo ako ng panibagong pagiisip at espiritu, at itinalaga Mo ang puso ko na sumamba Sa'yo. Maraming salamat po sa Iyong biyaya. Salamat sa mga kaluluwa na Iyong iniligtas at ililigtas pa lamang sa pamamagitan ko. Maraming salamat sa pagligtas sa aking pamilya, kaibigan at mga mahal sa buhay. Purihin Ka ng lahat ng Iyong nilkha! Ito ang aking dalangin sa Pangalan ni Hesus, Amen.

# - ANG LOOBAN -



## Step 2:
## ALTAR NA PINAGHAHAINAN

**Lumalapit ako sa altar.** Banal na Diyos, batid ko na kinakailangang maghain ng dugo upang makalapit sa Iyo. May iba't-ibang mga hain sa altar: handog dahil sa kasalanan, handog dahil sa pagkakasala, handog ng pasasalamat, handog na susunugin, at handog para sa kapayapaan. Ngunit wala ng mas dakila pa sa handog ni Hesus, inalay Niya ang Kanyang buhay. Siya ay namatay sa kabayaran ng aking mga kasalanan. Panginoon, dito sa altar ako ay nagsisi, palayain Mo ako sa aking mga makasalanang gawa at pita (desires).

Ako ay naniniwala na pinalitan ng krus ni Cristo ang altar na pinaghahainan sa Lumang Tipan. Pinalitan ng dugo ni Hesus ang dugo ng mga hayop. Ang isahang pagkakataon lang na pag tigis ng Kanyang dugo ang nagtubos sa aking mga kasalanan. Ako'y pinatawad na, pinaging-banal dahil sa krus. Pinagpawalang-sala at nalinis, sa Pangalan ni Hesus.

**Panginoon, Iyong nilupig ang diablo, ang kasalanan at ang sanglibutan sa pag tigis ng Iyong dugo.** Hesus, pagpakabanalin Mo ako sa pamamagitan ng Iyong Banal na Espiritu at lukuban ng Iyong dugo. Anomang gawa ng kaaway ay hindi magtatagumpay sa Pangalan ni Hesus. Dahil sa Iyong dugo, ako'y malaya na!

**Inako Mo ang aking mga karumihan, napako ka sa krus dala ang aking mga karamdaman.** Ako ay gumaling dahil sa mga tinanggap Mong latay 2,000 taon na

ang nakalipas sa lugar ni Pilato. At sa Iyong dugong tumigis, naalis ang aking mga sakit. Pinupuri at sinasamba kita sa kagalingan. Ako'y magaling na, sa Pangalan ni Hesus!

**Panginoon, ako ay tinubos Mo mula sa sumpa ni Adan sa pamamagitan ng Iyong dugo.** Dahil sa kasalanan ni Adan, nasumpa ang mundo at nagbunga ng mga tinik at dawagan na simbolo ng mga kabiguan sa buhay. Ngunit dahil sa Krus, at sa Iyong dugo, ako'y natubos mula sa sumpa.

Inako Mo ang sumpa sa krus ng kalbaryo. Sinasabi ng banal na kasulatan, *"Sa sumpa ng kautusan ay tinubos tayo ni Cristo, na naging sumpa sa ganang atin; sapagka't nasusulat, Sinusumpa ang bawa't binibitay sa punong kahoy: Upang sa mga Gentil ay dumating ang pagpapala ni Abraham na kay Cristo Jesus; upang sa pamamagitan ng pananampalataya ay tanggapin natin ang pangako ng Espiritu."* (Mga Taga-Galacia 3:13-14 TLAB).
Namatay Ka para mapasaakin ang pagpapala ni Abraham. Ngayon, ako'y tunay na malaya mula sa sumpa. Ako'y pinalaya na mula sa kabiguan at kahirapan, sa Pangalan ni Hesus!

Ako'y nasa ilalim ng biyaya at pagpapala ni Kristo sa aking tahanan, pamilya, trabaho, at paglilingkod. Wala ng sumpa ng kahirapan sa aking buhay. Ayon sa Iyong salita, "Sapagka't nalalaman ninyo ang biyaya ng ating Panginoong Jesucristo, na, bagaman siya'y mayaman, gayon ma'y nagpakadukha dahil sa inyo, upang sa pamamagitan ng kaniyang karukhaan ay magsiyaman kayo." (2 Mga Taga-Corinto 8:9 TLAB). Tinatanggap ko ang kalayaan mula sa kahirapan at sinasaway ko ang anomang negatibong kaisipan sa oras na ito.

**Ako'y pinalaya na mula sa kasalanan at kamatayan sa pamamagitan ng pagkapako ni Hesus sa krus.** Panginoong Hesus, dahil sa Iyong dugo ako'y naligtas mula sa kamatayan sa apoy. Ika'y namatay at nabuhay na maguli. Nilupig Mo ang kamatayan at impyerno! Ako ay kabilang sa kaharian ng Diyos. (Mga Taga-Efeso 2:6 TLAB) "At tayo'y ibinangong kalakip niya, at pinaupong kasama niya sa sangkalangitan, kay Cristo Jesus:" Ako'y may higit na kapangyarihan laban sa gawa ng kaaway. Tinatanggap ko sa oras na ito ang Iyong biyaya ng pagtubos.

Sinabi ni Pablo sa Mga Taga-Roma 12:1, "Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba."(TLAB) Narito ako, pasan ang aking krus at pinapatay ang aking laman. Inaalay ko ang aking sarili sa altar bilang isang haing-buhay para sa Iyo, Panginoon. Hindi ang aking kalooban, kundi kalooban Mo ang siyang masunod. Tanggapin Mo ang buhay kong inaalay ko Sa'yo.

Salamat, Panginoon, sa pamamagitan ng panalanging ito nababago ang aking



kaisipan, nabubura ang mga kasinungalingan ng kaaway at mga negatibong pag iisip. Ipinagkaloob Mo sa akin ang pag-iisip ni Cristo. Sinasamba kita at sumasampalataya ako sa katotohanan ng Iyong mga salita. Kayat sinasaway ko ang anomang kasinungalingan ng diablo! Pinuputol ko ang gawa ng kaaway sa aking buhay! Wala na akong kinalaman sa karumihan ng mundong ito! Walang magagawa ang kampo ng kadiliman laban sa akin, sa Panagalan ni Hesus!

Panginoon, tulungan Mo akong malinaw na makita ang aking kalagayan bilang Iyong anak at miyembro sa pagkasaserdote (1 Pedro 2:9). Ipaunawa Mo ng lubos sa akin ang pagiging isang bagong nilalang, binago at tinubos ng Iyong dugo (2 Mga Taga-Corinto 5:17).

*"Ngayon nga'y wala nang anomang hatol sa mga na kay Cristo Jesus."* (Mga Taga-Roma 8:1 TLAB) Ako'y binago ni Hesus, ang aking dating pagkatao ay lumipas na. Wala akong alinlangan kung sino ako 'pagkat mayroon akong tunay at tiyak na pagkakakilanlan kay Cristo. Isa akong taga-langit. (Mga Taga-Filipos 3:20)

Hindi ako magpalilinlang sa mga kasinungalingan ng kaaway. Ang aking pagiisip ay hindi na mabibiktima ng diablo. Ako'y bagong nilalang, inaring-ganap, pinapagingbanal, pinagpala! Habang patuloy na binabago ni Hesus ang aking kaisipan, pinapagtibay ko ang aking bagong pagkakakilanlan. Ikaw lamang ang tangi kong sinasamba Hesus, salamat sa Iyong pagpapakasakit para sa akin.

Sa papamagitan ng dugo ni Cristo ako ay:
- inampon at ginawang anak ng Diyos
- itinalaga sa makaharing pagkasaserdote

Ako'y niligtas ng Kanyang dugo:
- mula sa pagkakasala, sa katuwiran
- mula sa sanglibutan at diablo, sa kaharian ng Diyos
- mula sa karamdaman, sa kalusugan
- mula sa karukhaan at isinumpang pag iisip, sa pagpapala ng Diyos ang pagpapala ni Abraham. Nararanasan ko sa araw-araw ang kapangyarihan ng Diyos. Itinatakwil ko ang aking madilim na nakaraan at pinapalitan ng malinaw na pagkakakilanlan kay Cristo. Lahat ng ito'y napangyari dahil sa pagtigis ng Iyong dugo sa krus. Sinasamba kita Panginoon sa altar sa looban ng Tabernakulo.

## Step 3: TANSONG HUGASAN

*Ang hugasan na ito ay tansong salamin. Dito naghuhugas o naglilinis ang mga saserdote bago pumasok sa Dakong Banal. "Pagka sila'y pumapasok sa tabernakulo ng kapisanan, ay maghuhugas sila ng tubig, upang sila'y huwag mamatay,..." (Exodo 30:20 TLAB), (Juan 13:8)*



*Kung kayat tayo ay nagbabautismo sa pamamagitan ng paglubog sa tubig sa Pangalan ni Hesus. Sa araw na ito, ang dugo ni Hesus ay patuloy na maghuhugas sa ating mga kasalanan kung tayo ay tapat na hihingi ng tawad (1 Juan 1:9). Tayo rin ay hinuhugasan at pinapaging-banal ayon sa Kanyang salita habang patuloy nating sinasaliksik ang ating mga sarili sa banal na kasulatan.*

Tinatanggap ko ang paglilinis ng aking konsiyensiya mula sa anumang karumihan bago ako tuluyang makalapit sa Iyong presensya sa Dakong Banal. Kayat inaanyayahan kita, Panginoon, ilantad Mo ang lahat at anomang kasalanan ng aking kalooban.

Ama, habang ako'y nagbubulay sa Tansong Hugasan na ito, hayaan Mong saliksikin ko ang aking puso at makita ang aking mga karumihan at kasalanan. Alisin Mo ang aking pagkakasala na humahadlang sa aking paglapit Sa'yo. Hugasan Mo ang aking karumihan na hindi nakalulugod sa Iyong harapan. Nais kong magkaroon ng malinis na konsensiya bago lumapit Sa'yong banal na trono. Dalangin kong ako'y linisin Mo.

Ama, linisin Mo ako sa aking mga pagnanais, mga pita at pagnanasa ng laman, kahalayan, at imoralidad (Mga Taga-Galacia 5:19-21). Hugasan Mo ako at alisin ang mga bagay na ito.

Linisin Mo ako sa masamang pita ng aking mga mata at puso. Kung kanino man o sa ano man ako nagnasa, patawarin Mo ako. Humihingi ako ng Iyong habag at awa. Tinatanggap ko ang Iyong paglinis sa akin. Salamat Ama sa paghuhugas ng Iyong dugo.

Patawarin Mo ako sa aking pagmamataas, pagkamakasarili, at pagmamatuwid. Patawarin Mo ang aking kahambugan. Patawarin Mo ako sa aking pagmamalaki at kung inakala ko na kaya kong mabuhay ng wala ka. Narito ako at nagpapakumbaba sa Iyong harapan. Wala akong halaga kung wala Ka. Kung hindi dahil sa Iyong biyaya at kahabagan, wala akong magagawa. Inaangkin ko ang kapatawaran sa lahat ng ito, sa Panagalan ni Hesus.
Patawarin Mo ako sa aking kasakiman sa salapi, at paghahangad ng mga materiyal na bagay kaysa sa pag asam sa Iyong presensya. Patawarin Mo po ako sa aking pagmamapuri, sa aking hindi pagtuon ng aking isip sa Iyo at sa mga bagay na patungkol Sa'yo. (Mga Taga-Colosas 3:1-3)

Oh Diyos, sa Iyong biyaya, gawin Mo akong banal at totoo. Tulungan Mo akong



hindi mamuhay sa kasinungalingan ng diablo. Nais kong maging totoo Sa'yo maging sa ibang tao.

Panginoon, nais kong maging tapat, at magkaroon ng dedikasyon sa paglilingkod Sa'yo.

Ama, patawad po sa hindi ko pag laan ng oras ko Sa'yo. Patawad po sa hindi ko pagtatapat sa aking ikapo at handog, sa hindi ko pag alay ng aking oras at talento, at mga tinatangkilik. Ako po ay nagsisisi sa aking mga pagkukulang, batid ko na dapat kong gawin ang mga bagay na ito ng may katapatan simula sa araw na ito, sa Pangalan ni Hesus.

Ama, linisin Mo po ako sa lahat ng aking karumihan. Patawarin Mo ako sa aking pagdadalawang-isip, sa aking mga walang kabuluhang plano at kagustuhan, ito'y mga walang silbi sa Iyong harapan. Patawarin Mo ako sa aking mga kalikuan. Inaalay ko ang akong puso, Ama, linisin Mo po ang lahat sa akin. Nais kong ialay ang buong puso ko Sa'yo. Sa Pangalan Mo Hesus, linisin Mo ako! Oh Panginoon, linisin Mo ako!

Ama, linisin Mo ang lahat ng aking masasamang kaisipan, hangarin, pagnanasa, at kasakiman. Hugasan Mo ako sa lahat ng bagay na hindi nararapat, sa Pangalan ni Hesus. Isinusuko ko ang lahat ng walang kwentang bagay na pinagtuan ko ng pansin. Ang aking mga plano, ambisyon, karnal na pagnanais, lahat ng mga ito'y ibinibigay ko Sa'yo. Hugasan Mo ako ng tuluyan. Alisin Mo ang mga ito sa buhay ko.

Inaalay ko Sa'yo ang aking buong buhay, patuloy Mo itong hugasan. Tanggapin Mo ito kapalit ng pagtupad ng Iyong kalooban sa aking buhay; at ng layunin kung bakit Mo ako tinawag (Jeremias 29:11, Mga Taga-Filipos 3:8). Isinusuko ko ang lahat ng bagay na hindi nakapagbibigay kapurihan Sa'yo. Lahat ng makamundong bagay na iniibig ko- musika, T.V. o media, mga laro, pelikula, mga babasahin ay isinusuko ko sa Iyong banal na Pangalang Hesus. Alam kong wala ng ibang may halaga kundi ang Iyong salita at Banal na Espiritu. Hinihiling ko ang Iyong presensya, linisin at pakabanalin Mo ako sa pamamagitan ng Iyong banal na salita (Mga Taga-Efeso 5:26).

Ama, ang Iyong mga salita ay salamin sa aking pakikitungo Sa'yo. Ngayon, nais kong isalarawan sa aking buhay itong Iyong mga sumusunod na Sampung Utos:

**Ang Iyong unang kautusan** ay nagsasabing huwag akong magkakaroon ng ibang panginoon liban Sa'yo. Ikaw ang nagiisang tunay na Diyos, at tanging Ikaw lamang ang aking pupurihin. Patawarin Mo ako sa aking hindi pagbigay halaga at karangalan Sa'yo dahil sa pagtutuon ko ng aking atensyon sa mga diyos-diyosan. Patawarin Mo ako kung inuna ko ang aking sarili at mas pinahalagahan ang ibang bagay.

Patawad sa mga panahong dinakila ko ang ibang diyos kaysa sumamba at magpuri sa Iyo. Hinihiling ko ang Iyong kapatawaran sa araw na ito.

**Ang Iyong pangalawang kautusan** ay nagsasabing huwag akong gagawa ng mga idolo o diyos-diyosan o anomang larawang inanyuan. At huwag na huwag sasamba at yuyukod sa kanila. Kung nakagawa man ako ng mga ito, patawarin Mo po ako. Kung inuna ko ang aking pagiging isang asawa, ama o ina, anak; maging ang aking trabaho, kasiyahan, pera o anopamang bagay kaysa ang aking pagiging saserdote sa Iyo, patawarin Mo ako Panginoon. Ibinibigay ko ba ang unang bunga ng araw sa ibang bagay liban Sa'yo? Sinasamba ko ba ang mga diyos-diyosan ng salapi, kapangyarihan, kalayawan, at ang aking sarili? Kung gayon nga Panginoon, patawarin at linisin Mo po ako. Tulungan Mo akong sumamba tanging Sa'yo lamang.

**Ang Iyong pangatlong kautusan** ay nagasasabing huwag kong gagamitin ang Iyong banal na Pangalan sa walang kabuluhan. Ama, kung aking nagamit ang Pangalan ng Diyos sa walang kabuluhang mga bagay, kung nagamit ko ang alin mang Pangalan o titulo ng Diyos sa pagmumura, patawad sa aking paglalapastangan Sa'yo. Tulungan Mo akong gumalang ng may pagkatakot sa Iyong pangalan.

**Ang Iyong pang-apat na kautusan** ay nagsasabing alalahanin ko ang araw ng Sabbath at panatilihin itong banal. Nangangahulugan lamang ito na ako ay magtatrabaho sa anim na araw ngunit ililiban ko ang ika-pito at iaalay ito Sa'yo. Ako ba'y lumalapastangan Sa'yo sa hindi ko pagpapanatili ng Sabbath na banal? Panginoon, ako ba'y nagbibigay ng ikapo at pinapanatiling banal ang Sabbath bago umasa sa Iyong pagpapala? Ayon sa Iyong bagong tipan, ang Sabbath ay pagpapahinga sa Banal na Espiritu (Mga Hebreo 4:1-11). Kailangan kong panatilihing banal at itininalaga ang Sabbath sa pagsamba Sa'yo. Kailangan kong atasan ang aking mga anak at mga lingkod na huwag magtrabaho kundi panatilihing banal ang Sabbath at sumamba Sa'yo. Patawad po Panganinoon, sa paglapastangan ko sa Iyong kautasan. Ituro Mo sa akin ang tamang paraan at tulungan Mo akong maging masunurin Sa'yo. Tulungan Mo akong ganapin at panatilihing banal ang Sabbath.

**Ang Iyong pang-limang kautusan** ay nagsasabing igalang ko ang aking ama at ina. Napupulaan ko ba ang aking mga magulang, nakikipagtalo at sinisisi ko ba sila dahil sa aking mga problema? Ama, kung gayon ay patawarin Mo ako sa hindi ko pagsunod at paggalang sa aking mga magulang. Patawad sa hindi ko pagpaparangal sa kanila sa kung paanong paraan ko dapat gawin kalakip ng aking buong buhay. Patawad po sa aking paglaban sa kanila, sa pagtataas ng boses o pakikipagtalo. Patawad po sa hindi ko pag aaruga sa aking mga may edad ng magulang at lolo o lola na nangangailangan ng aking tulong at atensyon. Patawad sa hindi ko pakikipag ugnayan sa kanila. Patawarin Mo po ako sa mga kahiya-hiya kong gawa, sa Pangalan ni Hesus.



Nilalapastangan ko ba ang aking mga espirituwal na magulang sa iglesia (mga pastor at lider), o sinomang nakatataas sa akin– mga matanda sa iglesia, ang gobyerno, mga opisyal sa trabaho at paaralan, atbp.? Sila ba'y aking pinagtitsismisan at sinisiraan? Sa hindi ko paggalang sa mga taong itinalaga Mong mamuno sa akin, Ikaw ay aking nilalapasatangan narin. Patawad po Panginoon. Dalangin ko na tulungan mo akong magpakumbaba. Ilayo Mo ako sa masasamang impluwensya.

**Ang Iyong pang-anim na kautusan** ay nagsasabing ako ay huwag papatay. Pumapatay ba ako sa pagsuklam sa aking kapwa at pagsasabi ng mapopoot na salita? Sa anong paraan ko naipapasok sa isip ng mga kabataan ang pagkasuklam o pagkagalit, o pagkakaroon ng maruming isip sa ibang tao, at sa kapwa mananampalataya? Pinapatawad ko na sila sa oras na ito. Inaalis ko ang anomang katitisuran. Patawarin Mo po ako sa hindi pagpapatawad, sa pagtatanim ng galit at sa mga mapopoot na salitang aking nabitawan. Patawad po sa paglalapastangan ko Sa'yo dahil sa mga bagay na ito. Oh Panginoon, palayain Mo ako sa kapaitan at galit ng puso ko. Tulungan Mo akong kontrolin ang aking galit at paguugali. Tulungan Mo ako, sa Pangalan ni Hesus. Tanging ikaw lang ang makapagbibigay sa akin ng biyayang mapagtagumpayan ang mga masasamang paguugaling ito. Tulungan Mo akong mapabuti ang aking pag-uugali bilang Kristyano, sa Pangalan Mo Hesus.

**Ang Iyong pampitong kautusan** ay nagsasabing huwag akong mangangalunya. Ako ba'y nangangalunya at nagtataglay ng mahahalay na kaisipan at gawa? Patawad po Panginoon, sa aking paglapastangan Sa'yo, sa aking pagiging marumi at mahalay. Linisin Mo ako at gawing banal! Tulungan Mo akong magkaron ng takot Sa'yo. Tulungan Mo akong lumakad sa Iyong harapan ng may kadalisayan at kalinisan. Iligtas mo ako sa nakapagbibigay-kasalanang emosyon, makamundong pagnanais at simbuyo ng damdamin. Panginoon, tulungan Mo akong iwasan ang mga ganitong gawa na nagbibigay pahintulot sa mga demonyo at diablo na pumasok sa aking buhay.

**Ang Iyong pangwalong kautusan** ay nagsasabing huwag akong magnanakaw. Ako ba'y nagnanakaw sa Iyo o sa kanino man? Nilulustay at hindi ginagamit ng tama ang Iyong mga kaloob sa akin? Ipinagkakait ko ba Sa'yo ang aking mga obligasyon, ang aking ikapo, oras, talento, at kayamanan? Ako ba'y hindi matapat sa aking trabaho, kumukuha nang hindi nagbabayad o nagpapaalam? Ako ba'y nandaraya ng aking kapwa?

Panginoon, Patawarin Mo po ako, sa pagiging isang hindi mabuting katiwala, sa pag nakaw sa aking ikapo, sa pagaksaya ng aking oras, talento at kayamanan na ipinagkaloob Mo. Patawarin Mo ako sa aking hindi pagtatapat, bigyan Mo ako ng biyaya na mapanumbalik at maisauli lahat ng aking di wastong pag angkin.

Gawin Mo akong mabuting katiwala ng Iyong templo (ang aking katawan), at ng lahat ng bagay na Iyong ipinagkatiwala bilang sasardote sa Iyong templo. Tulungan Mo ako maging sa aking pananalapi at sa aking buhay, sa Pangalan ni Hesus.

**Ang Iyong pansiyam na kautusan** ay nagsasabing huwag akong magbibintang sa aking kapwa. Ako ba'y isang bulaang saksi? Patawad po, Panginoon, sa aking pagsisinungaling. Patawarin Mo ako sa pag bibintang sa aking kapwa at mga kapatid sa iglesia. Patawad po sa pagiging bulaang saksi ni Hesus. Patawarin Mo rin po ako sa pagsampalataya sa mga bulaang ideya at walang kabuluhang pilosopya. Patawarin Mo ako sa paglagay ko Sa'yo sa kahihiyan sa aking pagtitiwala sa mga bagay na walang katotohanan. Nais kong maging tunay na saksi ni Cristo Hesus. Nais kong maging tunay na mananamba sa espiritu at katotohanan. Patnubayan Mo ako sa daan, katotohanan, at buhay ni Cristo!

**Ang Iyong pansampung kautusan** ay nagsasabing huwag kong pag-imbutan ang bagay na pagaari ng aking kapwa. Ako ba'y nagiimbot, Panginoon? Ako ba ay nag-iimbot ng mga bagay na pag-aari ng aking kapwa na hindi mo naisin para sa akin na magkaroon: bahay, kotse, reputasyon, asawa, mga anak, kayamanan, atbp.? Ang aking puso at pamumuhay ba ay mapag-imbot? Ang pag-iimbot ang unang kasalanang nagawa sa bibliya na nagdulot ng pagsuway ni Eba at Adan, na nagdulot ng kanilang pagbagsak sa kasalanan (Genesis 3). Panginoon, ako ba ay nagiimbot? Sinasabi ng bibliya na ako ay dapat masiyahan sa kung anong meron ako, sapagkat hindi ako iiwan ng Panginoon (Mga Hebreo 13:5). Lahat ng pagpapala ay nagmumula sa Panginoon. Dapat akong magpasalamat para sa aking buhay, aking asawa, aking pamilya, aking tahanan, aking trabaho, aking mga anak, mga tinatangkilik, at posisyon o karera sa buhay.

Ama, lahat ng pagpapala ay mula sa Iyo. Ikaw ang pinagmumulan ng lahat ng biyaya at kasaganaan. Patawarin Mo po ako sa pag hangad ng mga bagay na lingid sa Iyong kalooban sa akin. Panginoon, Ikaw ang Diyos ng pagpapala. Hangad Mong pagpapalain ako ng higit pa sa aking hinihiling at inaasahan! Binibigyang laya ko ang aking panahon, aking pera, aking pagsamba upang magkaroon ng puwang sa aking buhay ang Iyong mga biyaya (Mga Taga-Galacia 3:13-14). Nais kong matanggap ang Iyong masaganang pagpapala! Ang Iyong kagustuhan ang siyang maganap, gumawa Ka ng puwang para sa mga mas mainam na pagpapalang darating sa aking buhay, sa Pangalan ni Hesus.


Oh Diyos, gawin Mo akong matuwid sa pamamagitan ng Iyong grasya. Ama namin sa langit, gawin Mo akong totoo at mabungahin. Tulungan Mo po akong huwag mamuhay sa kasinungalingan. Huwag Mo ako hayaang magsinungaling. Tulungan Mo akong huwag maging mapagpanggap, magpakita ng totoong pag-ibig sa kapwa (1 Pedro 1:22). Gawin mo akong tunay at tapat sa Iyong harapan maging sa ibang tao. Gawin Mo akong matapat at masunurin sa Iyo, Panginoon.



Lahat ng ito'y naganap dahil sa salita at tumigis na dugo ni Cristo. Sa pamamagitan ni Hesus tayo ay naligtas. Subalit araw-araw dapat akong mangumpisal ng aking mga kasalanan at maglaan ng oras sa pakikipag ugnayan kay Hesus, upang patuloy Nya akong mahugasan ng Kaniyang dugo at sa kapangyarihan ng Salita ng Diyos. Salamat sa paghugas ng Iyong dugo. Sinasamba kita sa tansong hugasang ito sa looban ng tabernakulo. Tinatanggap ko ang Iyong pagpapala.

## Ang Limang Haligi (Ang Pinto sa Banal na Dako)

*Bawat haligi ay sumisimbulo sa isa sa mga katangian ng Panginoon na pinangalanan ni Isaias: "…at ang kaniyang pangalan ay tatawaging Kamanghamangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan." (Isaias 9:6). Dalangin ko ang kapahayagan ng kapangyarihan (ng Diyos) at kaganapan ng tungkulin ng bawat katawagan na ito sa aking buhay ngayon.*



## - ANG KALOOB-LOOBAN -

### ANG DAKONG BANAL

*Ngayong ako ay nahugasan, nalinis at pinabanal, maari na akong pumasok sa Banal na Dako.*



### Step 4:
### ANG GININTUANG KANDELERO

*Sa loob ng banal na dako sa gawing kaliwa naroon ang ginintuang kandelero na may pitong sanga. Ito'y kumakatawan sa Banal na Espiritu ng Diyos ngayon. Tanging ito lamang ang nagbibigay liwanag sa loob ng silid. Ito ang nagiisang ilaw sa Banal na Dako, wala ng iba. Sa ating panahon, ito ang ilaw ng Banal na Espiritu. Hindi ko hahayaang may ibang ilaw ang makapasok sa aking templo.*

Ang kandelero at ang langis na dumadaloy dito ay simbolo ng nag-iilaw at naghahayag na kapangyarihan ng Espiritu Santo. Tungkulin ng saserdote na gupitin ang mitsa para patuloy itong magbigay ng dalisay na liwanag na walang usok.

Ama, pinasasalamatan kita sa Iyong Banal na Espiritu. Inaanyayahan Kitang baguhin ang aking espiritu sa oras na ito (Lucas 11:13). Panginoon, Ikaw nga ang espiritung ito, at kung nasaan man ang espiritu ng Diyos ay may kalayaan (2 Mga Taga-Corinto 3:17). Magliwanag Ka sa akin ng sa gayon ako ay magliwanag sa sanglibutan (Mateo 5:16). Panginoon, salamat na ako ay selyado ng Iyong pinangakong Espiritu Santo (Mga Taga-Efeso 1:13). Ama, huwag ko nawang pighatiin ang Espiritu Santo, na sa akin ay itinatak hanggang sa kaarawan ng pagkakatubos (Mga Taga-Efeso 4:30).

Sa pinagmumulan ng liwanag na hindi namamatay, humihingi ako ng Iyong espirituwal na paghahayag; ng Iyong patnubay at gabay. Dalangin ko ang pangnguna ng Espiritu Santo sa aking buhay. Sinabi ni Hesus, "Ako ang ilaw ng sanglibutan…" (Juan 8:12).

Ama, salamat at ako ay may kabanalan, kagalakan at kapayapaan sa Espiritu Santo (Mga Taga-Roma 14:17). Ikaw ang handog ng Espiritu na walang hanggan, walang dungis, upang linisin ang kaisipan sa patay na gawa at maglingkod sa Diyos na buhay (Mga Hebreo 9:14). Ikaw ang Espiritu ng Katotohanan at Ikaw ang aking gabay. Banal na Espirit, pangunahan Mo ako sa buong katotohanan sa araw na ito (Juan 16:13).

Hindi Mo ako tinuturuan ng makamundong karungan, kundi ang Iyong espiritu ay nagtuturo ng mga bagay na espirituwal (1 Mga Taga-Corinto 2:13). Panginoon, nais kong matuto sa Iyong Espiritu Santo, tulungan Mo akong magpasakop sa Iyo. Tulungan Mo akong ipangaral ang Ebanghelyo (1 Pedro 1:12). Panginoon, nais kong maging ministro ng Iyong bagong tipan, hindi ng mga titik kundi ng Espiritu. "…sapagka't ang titik ay pumapatay, datapuwa't ang espiritu ay nagbibigay ng buhay." (Mga Taga-Corinto 3:6 TLAB)

Espiritu Santo, salamat sa pagpapalakas sa aking kahinaan. "…sapagka't hindi tayo marunong manalangin ng nararapat; nguni't ang Espiritu rin ang namamagitan dahil sa atin ng mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita;" (Mga Taga-Roma 8:26 TLAB)

Panginoon, humuhingi ako ng Iyong pagbasbas upang maunawan ko ang mga bagay sa Espiritu (1 Juan 2:20). Ikaw ang Espiritu ng kapangyarihan (Mga Gawa 1:8). Wala akong magagawa kung wala Ka. Sa'yo ako umaasa. Kailangan ko ang tulong Mo sa aking buhay. Sinasamba at iniibig kita. Salamat Panginoon.

Panginoon, nais kong lubos at ganap na dumipende sa Iyong Banal na Espiritu, hindi sa aking sariling lakas. Nais kong magtaglay ng mga bunga ng espiritu: 1)pagibig, 2)kasiyahan, 3)kapayapaan, 4)pagpapahinuhod, 5)kagandahag-loob, 6)kabutihan, 7)pagtatapat, 8)kaamuhan, 9)pagpipigil (Mga Taga-Galacia 5:22-23). Salamat sa pagpahid ng langis sa akin. Aking susundin ano man ang



Iyong naiisin.


Ama, salamat muli sa Banal na Espiritu na ipinagkaloob Mo sa akin. Ang Kandelero na may pitong sanga ay simbolo ng pitong Espiritu ng Diyos (Isaias 11:2; Pahayag 4:5): Ikaw ang Espiritu ng Panginoon, ang diwa ng karunungan at ng kaunawaan, ang diwa ng payo at ng katibayan, ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon. Kayat tulungan Mo ako, wala akong magagawa kung wala ka sa akin. Sa'yo lamang ako umaasa. Sinasamba kita. Hangad kong magkaroon ng mas malalim at mataimtim na relasyon sa Iyo, Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong espiritu. Bigyan Mo ako ng karunungan. Tulungan Mo akong malutas ang aking mga problema sa pamamagitan ng karunungang nagmumula Sa'yo.

Bigyan Mo ako ng pangunawa nang maintindihan at maunawaan ko ang malalalim na katotohan patungkol sa Diyos. At nang maisapamuhay ko ang mga katotohanan na ito at maipasa sa aking mga anak pati narin sa ibang tao.

Bigyan Mo ako ng Iyong mga payo ng sa gayon ay masundan kita sa makitid na daan. Ako ay Iyong pahiran ng Iyong langis upang ako man din ay makapag bigay payo sa iba at makatulong sa pagresolba sa kanilang mga problema.

Bigyan Mo ako ng pambihirang kapangyarihan, lakas, at pahiran Mo ako ng langis nang ako ay mapuspos ng kapangyarihan ng Iyong Espiritu, upang gumana ang mga espirituwal na mga kaloob sa akin. Para magpagaling ng may sakit, magpalayas ng mga demonyo, at magpakita ng mga tanda at kababalaghan (signs and wonders).

Hesus, Ikaw ay siya ring kahapon at ngayon, at magpakailan man. Santong Espirito, dagdagan Mo ang aking kaalaman patungkol Sa'yo at sa bibliya. Ihayag Mo sa akin ang malalalim at lihim na mga bagay sa Iyong salita. Bigyan Mo ako ng masigasig na pagkatakot sa Iyo nang sa gayon ako ay hind magkasala at makalakad ng may pagpapakumbaba at paggalang sa Iyong harapan.



## Step 5: MESA NG TINAPAY NA PANTANGHAL

Ngayon, narito na ako sa mesa ng tinanpay. Nakahain sa harapan ko ang labindalawang bagong lutong tinapay. Ito ang pagkaing kinakain ng mga saserdote habang naglilingkod sa loob ng tabernakulo.

Sinasabi ng bibliya, si Hesus "Ang Tinapay ng buhay…" (Juan 6:35, 49-50). Sumisimbilo ang mga tinapay na ito sa salita ng Diyos ngayon. Hindi ko kayang mabuhay sa mga lumang mensahe o salita. Panginoon, bigyan Mo ako ng sariwa at bagong rebelasyon sa aking puso. Ang aking puso ay umaasam sa Iyong sariwang mensahe. Bigyan Mo ako ng bagong rebelasyon. Mangusap Ka sa aking puso at hayaan Mo akong makipagniig sa Iyo upang marinig ko ang Iyong tinig at sumunod sa Iyo. Nararapat lamang na basahin ko ang salita ng Diyos araw-araw. Salamat sa Iyong Logos, ang nasusulat na salita (Juan 1:1), at sa Iyong Rhema, ang nahayag na salita ng Diyos.

Sinasabi sa Juan 6:53, "Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili." (TLAB) Kaya't Ama, tulungan Mo akong magbulay-bulay sa Iyong salita, upang manahanan ng sagana sa akin ang salita ni Cristo (Mga Taga-Colosas 3:16). Salamat sa Iyong katawan na namatay at sa Iyong dugong tumigis para sa akin. Sa oras na ito, aking inihahayag na ang katawan ni Cristo ay nasa aking buhay at ako ay naging kaisa sa Kanya dahil sa Kaniyang dugo na dumadaloy sa akin. Batid kong Ikaw ay tumatahan sa akin at ako sa Iyo.


Lahat ng pangako ng Diyos ay nasusulat sa Bibliya. Ang Logos ang nasusulat na salita, bigyan Mo ako ng tiyak na salita o mensahe para sa buhay ko ngayon. Bigyan Mo ako ng aking kakanin sa araw na ito (sariwang mensahe).

Panginoon, nangusap (rhema) ka kay Pedro at nang siya ay sumunod, nakasumpong siya ng masaganang huli ng isda (Lucas 5:4-5).

At hiniling ni Pedro na atasan Mo siyang pumaroon sa Iyo sa ibabaw ng tubig (Mateo 14:28). Nagsalita ka ng espesipikong rhema sa kanya para sa espesipikong sitwasyon na iyon. Narinig ito ni Pedro, at ito'y nagpagana sa kanyang pananampalataya nang kanyang marinig ang Iyong rhema na nagsabing "Halika". Bilang resulta, si Pedro ay humakbang palabas ng bangka na puno ng pananampalataya. "Kaya nga ang pananampalataya'y nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita (rhema) ni Cristo." (Mga Taga-Roma 10:17 TLAB)

Kaya't Panginoon, mangusap Ka sa akin sa oras na ito. Nakasaad sa bibliya, "…Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Dios" (Mateo 4:4, Lucas 4:4). Panginoon, naghihintay akong makarinig at makatanggap ng Iyong sariwang mensahe sa araw na ito.





## Step 6: GININTUANG ALTAR NG INSENSO

Sa kalagitnaan bago ang mga kurtina o tabing ay ang altar ng insenso. Dito nagsusunog ang saserdote ng insenso o kamangayan beintekuwatro (24) oras bawat araw. Ang matamis at mabangong samyo ng insenso ay pumupuno sa buong santuwaryo. Ang insenso ay simbolo ng mga panalangin at pagsamba ng Iyong pinakabanal (saserdote) tungo sa Amang banal.

(Dito sa Altar ng Insenso/kamangyan, ang insenso ay simbolo ng ating pagsamba. Maglaan ng oras sa pagsamba, sa pagawit ng mga papuri sa Panginoon, at pagsasalita sa iba't-ibang wika sa loob ng 10-30 minuto, o kung gaano man kahaba ang iyong kaya. Maari mo ring basahin ang iyong "devotional scripture" para sa araw na ito at magnilay-nilay upang marinig ang mensahe ng Diyos sa iyo.)

Dalangin ko: Ama, hayaan Mong pumailanlang ang aking panalangin bilang mabangong insenso; "Malagay ang aking dalangin na parang kamangyan sa harap mo; ang pagtataas ng aking mga kamay na parang hain sa kinahapunan." (Mga Awit 141:2 TLAB) Ikaw ay makapangyarihang Diyos. Omnipotent… (magbanggit ng mga papuri at titulo ng Diyos) Labis kitang pinasasalamatan. Sinasamba kita, Kataas-taasang Diyos, Manlilikha ng sanglibutan at ng lahat ng bagay. Ikaw ang Diyos na pinagsasaligan ng aking buhay. Ikaw ang layunin ng aking buhay. Ikaw ang nagbibigay halaga sa akin. Salamat sa Iyong biyaya at kaawaan na palaging bago tuwing umaga. At ang Iyong habag ay hindi nagmamaliw. (Mga Panaghoy 3:22-23, Mga Awit 136:1)




## Ang Tabing

*Ito ang tabing sa Templo sa Jerusalem na napunit sa dalawa simula itaas hanggang ibaba nung araw na namatay si Hesus sa krus matapos sumigaw ng **"Naganap na."** (Mark 15:38). Ang tabing ay kumakatawan sa katawan ni Hesus na nahati sa dalawa bilang kahuli-hulihang handog, tanda ng pagkakahiwalay ng pisikal sa espirituwal. Ito ay nagbigay daan sa tao na makalapit sa presensya ng banal na Diyos. Sinomang pumasok sa Kabanal-banalang dako ay pumapasok sa mismong presensya ng Diyos.*

*Ang Tabing ay simbolo sa hadlang ng ating laman. Dito, ating hinihiling sa Diyos na pagkalooban tayo ng kapangyarihan na higitan ang ating sarili, upang magsikilos tayo hindi sa ating sariling pananampalataya kundi sa pananampalataya ng Diyos. Sa pagabot natin sa puntong ito matapos tayong magpadalisay at dumaan sa mga proseso ng pagsamba, sinasaad sa bibliya: (Mga Hebreo 4:16 TLAB) "Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo'y magsipagtamo ng awa, at mangakasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan."*

*Ito ang tamang paraan ng paglapit sa presensya ng Diyos. Kinakailangan muna tayong dumaan sa pasukan ng may pasasalamat, saka sa Altar na Pinaghahainan, sa Tansong Hugasan, sa Ginintuang Kandelera, ang Mesa ng Tinapay, ang Altar ng Insenso, at pinakahuli sa Tabing patungo sa Kabanal-banalang dako. Ito ang proseso ng paghahanda sa paglapit sa Amang banal na may kabanalan at pagsamba. Upang makalapit sa Amang banal, kinakailangan kong maglaan ng oras na dumaan sa mga prosesong ito bai-baitang. At ngayon, ayon sa Kanyang salita, anomang hingin ko sa Pangalan ni Hesus ay gagawin Niya (Juan 14:13-14).*



## Step 6:
## HOLY OF HOLIES

*Sa loob ng Kabanal-banalang dako naroon ang Kaban ng Tipan na naglalaman ng tatlong simbolikong bagay: isang gintuang banga ng manna, ang tungkod ni Aaron na nag-usbong, at ang dalawang tapyas ng bato na naglalaman ng Sampung Utos. Ang Luklukan ng Awa, kung saan ang Diyos ay nakikipagniig sa tao, ay nakapatong sa ibabaw ng kaban. Sapagkat ang kaban ay ang trono ng Diyos sa kalagitnaan ng kanyang bayan, ito ay simbolo ng Kanyang presensya at kapangyarihan.*

*Tanging ang dugo mula sa altar na pinaghahainan, na ngayon ay kinakatawan ng dugong tumigis ni Cristo, ang nagbibigay pahintulot sa ating makapasok sa Kabanal-banalang dako. Ang Sampung Utos (Ang Kautusan) ay nababalot ng dugo ng mga hain. Kaya bilang kristyano (saserdote) natanggap ko ang awa. Tayo ay malaya at walang paghatol. Ito ay lugar ng malalim na pakikipag ugnayan sa Diyos. Ngayon, ako ay maari nang kumilos ng may awtoridad gaya ng sinisimbolo ng tungkod ni Aaron. Sa pamamagitan ni Cristo, tayo ay may kapamahalaan sa lahat ng bagay na laban sa atin. Tayo ay napalilibutan ng mga anghel. At ang milagro ng manna ay nagpapaalala sa atin na ipagkakaloob Niya ang anomang bagay na ating hilingin.*



*Ang Kabanal-banalang dako ay nagliliwanag sa Kanyang kaluwalhatian kayat hindi na kainakailangan ng kahit anomang pisikal na ilaw sa dakong ito. (Mga Pahayag 21:23-25)*

*Sa wakas ako ay nasa presensya na ng banal na Diyos. Ako ay nasa harapan ng Kanyang trono at Luklukan ng Awa. Sa oras na ito maari na akong manalangin para sa lahat ng aking hiling at pasalamatan Siya para sa mga ito (Marcos 11:24), dahil ako ay lumapit sa pamamagitan ng tamang proseso ng paglilinis at pagsamba. Sinasabi ng Diyos sa Kanyang salita na ako ay humingi at huwag mag alinlangan, at ito'y ipagkakaloob Niya sa akin (Mateo 7:7, Santiago 1:6).*

*Kayat ngayon sa presensya ng Panginoon, ako ay maggugugol ng hangga't maari mahabang oras sa pananalangin. Yamang aking inihahandog ang aking puso, ako'y magsasaya at mamamahinga sa Kaniyang presensya. Hindi ako dumating sa puntong ito para magmadali at humingi lamang ng aking mga pangangailangan, kundi para maglaan ng oras sa Kanya at mapuspos ng Kaniyang kaluwalhatian at pagbabasbas.*

*Sinasabi ng bibliya, ako ay dapat pumasok sa Kabanal-banalang dako ng may pananampalataya at kompiyansa (Mga Hebreo 4:16), dahil ako ay lumalapit sa pamamagitan ng tumigis na dugo ni Cristo (sa paghingi ng kapatawaran at paglilinis). Aking nakikita ang dugo ni Cristo Hesus na iwinisik sa Luklukan ng Awa. Naganap na!!! Lahat ng aking pagkakautang ay bayad na- binayaran ng buo, sa pagkakatigis ng dugo ni Cristo. Ako'y isang taong malaya, malaya sa pagkakaalipin ng diablo, at lahat ng mga kasalanan. Purihin ang Panginoon, salamat po Hesus!*

*Sa oras na ikaw ay nasa harapan na ng presensya ng Panginoon, magsimula kang manalangin para sa sarili pati na rin para sa iba (intercession), manahimik na maghintay sa Kanya (sa loob ng 5 minuto o hanggang sa kinakailangan).*

Bago ako manalangin, aking dinedeklara: Ama, itinatanyag kita, at sinasamo ko ang dugo ni Hesus na tumabon sa amin. Iwiniwisik ko ito sa aking pamilya, sa aking pinaroroonan, sa aking tahanan, aking higaan, sa lahat ng aking tinatangkilik, pananalapi, sa aking lungsod at sa rehiyong ito, sa aking panambahan at ministeryo, sa iglesia ni Cristo, sa araw na ito na Iyong ginawa; sa lahat ng bagay at saan mang dako. Ginagapos ko ang diablo, lahat ng masasamang espiritu, lahat ng mapandarayang espiritu; at sa Pangalan ni Hesus pinapalayas ko sila sa aking buhay! Inuutusan ko silang lumayas sa aking tahanan, aking isip, sa Pangalan ni Hesus. Lukuban Mo kami ng Iyong dugo.

Sa pamamagitan ng dugong tumigis mayroon akong bahagi sa kabanalan ni Cristo Hesus! Ako ay kabanalan ng Diyos kay Cristo. Nakalalapit ako sa presensya ng Diyos ng walang pakiramdam ng paghahatol dahil sa ginawa ni Cristo para sa akin (Mga Taga-Roma 8:1). Lumalapit ako sa Luklukan ng Awa sa Ngalan ni Hesus, sa tumigis na dugo ni Cristo.

Pinupuri kita, Ama, sa mga kahanga-kahanga at dakilang biyaya ng kabanalan na ipinagkaloob Mo sa akin, na Iyong abang lingkod, sa pamamagitan ng Iyong anak na si Cristo Hesus. Salamat po, Panginoon, dahil sa Iyong dugo ang diablo ay isa nang talunang kaaway. Hindi na ako yuyuko sa pagkakatakot sa diablo na umaatungal na parang leon. Siya ay natalo na. Si Cristo ang aking Panginoon. Ang Kaniyang dugo ay ang kahuli-hulihang hain at ang natapos nang gawa sa kalbaryo na siyang tumubos sa akin. Ang Iyong dugo ang nagbibigay laya sa akin sa pagkatakot kay Satanas. Salamat po, Oh Panginoon!

Ako ngayon ay handa nang ilatag ang aking mga pangangailangan at pamamagitan (intercessory prayers). May pagpapakumbaba kong inilalagak sa Iyo ang mga bagay na ito na may kalakip na pananampalataya at pananalig sapagkat nalalaman kong Iyong diringgin at sasagutin ang aking pagsamo (1 Juan 5:14-15).

Maari ko ng ipanalangin Sa'yo ang aking mga personal na kahilingan- idinadalangin ko ang aking mga pangangailangan, pamilya, kamag-anak, kaibigan, kapatid sa iglesia, pastor, mga lider, at simbahan. Amen!

- Manalangin ng pamamanhik, sumamba at magpuri, manalangin sa iba't-ibang wika
- Manalangin para sa kaligtasan ng iyong pamilya at mga kaanak, mga kaibigan at mga katrabaho
- Manalangin para sa kaligtasan ng mamamayan sa bansang ito, sa lugar kung saan ka naninirahan at kung saan ka pinagpapala
- Ipanalangin ang mga pinuno o lider ng bansang ito maging ng iyong sariling bayan
- Ipanalangin ang iyong Pastor ang mga pinuno sa simbahan pati narin ang mga kapwa mananampalataya
- Ipanalangin ang mga misyonero, mga pastor, mga ebanghelista, mga lider at mga manggagawa sa bansang ito at sa buong mundo.
- At iba pa...

*(Maaaring mong basahin ang aklat ng Mga Awit [hal. Mga Awit 145] para sa pagsamba at pagpupuri)*

**ANG LAHAT NG ITO SA PANGALAN NI HESUS, AMEN!**

Tokyo Worship Tabernacle 東京賛美の宮
Japan United Pentecostal Church :: 日本ユナイテッドペンテコステ教会

Toshin Building B2F 4-33-10 Yoyogi, Shibuya-ku,Tokyo 151-0053
〒151-0053東京都渋谷区代々木4-33-10トーシンビルB２F
03-3377-5768
www.tokyoworshiptabernacle.org • tokyoworshiptabernacle@gmail.com